Pangalan ____________________________ Petsa ____________ Marka _____

# Krusigrama: Mga Pangngalan (Pook)

Buuin ang krusigrama gamit ang mga pangngalang pambalana para sa mga pook. Gamitin ang mga ibinigay na paglalarawan sa kabilang pahina.




©2016 samutsamot.com
Buildings clip art by Little Red's Schoolhouse (http://www.teacherspayteachers.com/Store/LittleRed)

Pangalan ___________________________ Petsa ___________ Marka _____

# Krusigrama: Mga Pangngalan (Pook)

PAHALANG

**4** Ito ay pook o gusali kung saan ginagawa ang pangangalaga, pagpapahiram, at pagpapalit ng pera.

**8** Ito ay silid o gusali na ginagamit para sa trabaho o negosyo.

**9** Dito pumapasok ang mga mag-aaral at guro. Ito ay pook na laan sa pagtuturo at pagsasanay.

**10** Ito ay gusali ng pamahalaang-bayan. Dito nagtatrabaho ang mga opisyal ng bayan o lungsod. Dito rin makakukuha ng mga opisyal na permiso, lisensiya, at mga dokumento.

**11** Ito ay pook o bahay na tinitirhan ng mga kasapi ng pamilya.

**12** Ito ay bukas na pook o gusali kung saan makabibili ng mga sariwang gulay, prutas, karne, isda, pagkaing-dagat, at iba pang sangkap sa pagluluto.

**13** Dito pumupunta ang mga tao para sa maramihang pananalangin at pagsasamba sa kanilang diyos. Dito idinaraos ang mga misa, kasalan, at binyagan.

**14** Dito pumupunta ang mga tao upang pumili, bumili, at kumain ng iba't ibang pagkain. Marami itong mga mesa at upuan, at karaniwan ay naka-aircon.

PABABA

**1** Ito ay gusali kung saan inaalagaan at ginagamot ang mga maysakit o mga taong nasaktan sa sakuna.

**2** Ito ay malawak na pook na may maraming puno at halaman. Dito namamasyal, naglalaro, at nagpipiknik ang mga pamilya.

**3** Ito ay tindahan ng mga gamot o mga pangangailangan na medikal.

**5** Ito ay pook para sa pagpapalabas at panonood ng mga pelikula. Ito ay may mga upuan na nakahilera at may isang malaking tabing kung saan mapapanood ang pelikula.

**6** Ito ay malawak na pook kung saan lumalapag at nagmumula ang mga eroplano. Dito pumupunta ang mga tao na sasakay sa eroplano patungo sa malalayong lugar.

**7** Ito ay malaking pook o gusali kung saan binebenta ang sari-saring bagay o produkto. Ito ay tulad ng palengke.

**11** Dito nagbebenta ng maliliit na bagay o pagkain tulad ng kendi, pandesal, mga delata, sabon, kape, at iba pa.

©2016 samutsamot.com

Pangalan ____________________________ Petsa ____________ Marka _____

# Krusigrama: Mga Pangngalan (Pook)

## **Mga Sagot**



1. OSPITAL
2. PARKE
3. BOTIKA
4. BANGKO
5. SINEHAN
6. PALIPARAN
7. PAMILIHAN
8. OPISINA
9. PAARALAN
10. MUNISIPYO
11. TAHANAN / TINDAHAN
12. PALENGKE
13. SIMBAHAN
14. RESTORAN









©2016 samutsamot.com
Buildings clip art by Little Red's Schoolhouse (http://www.teacherspayteachers.com/Store/LittleRed)